



City of Seattle

Seattle Kayamanang Pantao

Kimberly Loving, Direktor

Setyembre 29, 2023

Bukas na Pagpapatala
Magtatapos ng 5:00 pm sa
Okt. 20

Re: Gawin sa Biyernes, Oktubre 20 ang Iyong Mga Pagbabago sa Mga Benepisyo sa 2024

Mahal na Empleado ng Lungsod:

Ang pagpapanatili ng iyong kalusugan at kapakanan ay mahalaga; ngayon, higit kailanman. Ang Lungsod ay nag-aalok sa mga empleado at pamilya ng malawak na sakop ng mga pagpipiliang benepisyo na sumusuporta sa seguridad sa kalusugan at pinansiyal. Ang Bukas na Pagpapatala ay ang panahon para masuri ang iyong mga pangangailangan para sa 2024 at gumawa ng mga pagbabago sa iyong mga piniling benepisyo. Ang Bukas na Pagpapatala ay magsisimula ng 8:00 am sa Lunes, Oktubre 2, at magtatapos ng 5:00 pm sa Biyernes, Oktubre 20, 2023.

Walang aksiyong kinakailangan para ipagpatuloy ang iyong kasalukuyang mga benepisyo para sa 2024 maliban kung gusto mong magpatala o muling magpatala sa Flexible Spending Account (FSA). **Ang mga pagbabawas sa payroll para sa medikal na plano ay hindi tumataas sa 2024.**

Ang Iyong mga Konsiderasyon sa Employee Self-Service:

- Magpatala/muling magpatala sa isang FSA.** Para magtabi ng pre-tax na pera para sa isang 2024 Pangangalaga sa Kalusugan o Pangangalaga sa Nakadepende (Daycare) na FSA, kailangan mong **muling magpatala** sa panahon ng Bukas na Pagpapatala sa pamamagitan ng ESS. Ang iyong kasalukuyang halalan sa FSA ay hindi nagpapatuloy mula sa isang taon hanggang sa susunod. Para sa impormasyon sa plano, magpunta sa bit.ly/mostFSA.
- Baguhin ang iyong mga benepisyo.** Gumawa ng iba't ibang pagpipilian sa plano para sa benepisyo o magdagdag o mag-alis ng mga nasa poder.
- Baguhin ang iyong mga benepisyaryo.** Suriin ang iyong mga benepisyaryo ng Life and AD&D insurance sa ESS.

Tingnan ang kasunod na pahina para sa mga pagbabago ng plano sa 2024 at mga tagubilin sa pagpapatala. Para sa higit pang mga detalye, magpunta sa *Open Enrollment Highlights* sa bit.ly/benhome1.

Abiso sa Deadline: Para gumawa ng FSA o gumawa ng mga pagbabago sa benepisyo para sa 2024, dapat mong gawin ito

bago mag **5:00 pm sa Biyernes, Oktubre 20** sa pamamagitan ng Employee Self-Service.

Irekord ang iyong mga piniling benepisyo para sa 2024: Mag-print o mag-save ng snapshot ng iyong **"Summary of Open Enrollment Elections"** sa Employee Self-Service at ikumpara ito sa 2024 na pahayag ng mga benepisyo na matatanggap mo sa Enero. Para sa mga tanong, pakisuyong makipag-uganayan sa kinatawan ng mga benepisyo ng iyong departamento (bit.ly/benhome1).

Kayamanang Pantao ng Seattle

Seattle Municipal Tower, 700 5th Avenue Suite 5500, PO Box 34028, Seattle, WA 98124-4028
(206) 684-7999 □ TTY:7-1-1 Fax: (206) 684-4157 □ Website para sa trabaho: www.seattle.gov/jobs
Isang pantay na employer sa oportunidad sa trabaho. Ibinibigay kapag hiniling ang mga tirahan para sa mga taong may kapansanan.

Lubos na gumagalang,



Renee Freiboth
Manedyer ng mga Benepisyo

Mga Pagbabago sa Plano para sa Lahat ng Empleado*, epektibo sa Enero 1, 2024

Mga Flexible Spending Account

FSA sa Kalusugan	Pagtaas ng pinakamataas na hangganan na taunang kontribusyon mula \$2,850 hanggang \$3,050.
-------------------------	---

Mga Pagbabago sa Plano para sa Karamihan sa mga Empleado*, epektibo sa Enero 1, 2024

Pangontra at Tradisyonal na mga Plano ng Aetna

Saklaw ng Ambulansya	Pag-alis ng mababawas sa saklaw ng ambulansya
-----------------------------	---

Tradisyonal na Plano ng Aetna

Mababawas	Pagdaragdag sa mababawas sa in-network \$50 hanggang \$450 kada tao; \$1,350 para sa pamilya.
Kabuuang Taunang Pinakamataas na Hangganan para sa Paggastos ng Sarili.	Pagdaragdag sa pinakamataas na hangganan sa in-network na paggastos ng sarili \$50 hanggang \$1,450 kada tao; \$4,350 para sa pamilya.
Mga Serbisyo sa Pangontra at Kalusugan	Pagdaragdag ng mga benepisyo sa Pangontra na pangangalaga. In-network: 100%. Out-of-network na saklaw: maaaring ilapat ang paghahati sa gastos.
Pangontrang mga Gamot	Pagtaas ng saklaw ng pangontrang gamot papunta sa 100%, kabilang ang ilang partikular na mga contraceptive, statin, at mga gamot sa pag-iwas sa HIV. Buong listahan ng gamot sa 2023 sa bit.ly/3PBtdkS .

Pangontrang Plano ng Aetna

Mga Serbisyo sa Pangontra at Kalusugan	Pagdaragdag ng mga benepisyo sa Pangontra na pangangalaga. In-network: 100%. Out-of-network na saklaw: maaaring ilapat ang paghahati sa gastos.
Pangontrang mga Gamot	Pagtaas ng saklaw ng pangontrang gamot papunta sa 100%, kabilang ang ilang partikular na mga contraceptive, statin, at mga gamot sa pag-iwas sa HIV. Buong listahan ng gamot sa 2023 sa bit.ly/3PBtdkS .

* Tingnan ang *Open Enrollment Highlights* sa bit.ly/benhome1 para sa karagdagang mga detalye.

Magpatala Online

Pakisuyong huwag maghintay hanggang sa huling araw para gawin ang iyong mga pagbabago sa online.

<i>Mula sa bahay o kompyuter ng Lungsod</i>	ess.seattle.gov	Pindutin ang "Login to ESS"	Pagkatapos mag-log-in, piliin ang "Open Enrollment" sa ilalim ng <i>Benefits</i>
--	--	-----------------------------	--